



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG KANGKONG



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Maaari itong itanim sa lupang luwad ngunit ang buhaghag na lupa na may maraming organikong bagay ay mas mainam. Angkop ang pH ng lupa na 5.3-8.5. Ang mabababang lugar na mainit at mahalumigmig ang mainam sa pagtatanim ng kangkong. Mas maganda din ang tubo ng halaman kung itanim sa mga buwan na mas maiksi ang araw kaysa gabi.

PAGPILI NG BINHI

Mayroong dalawang uri ng kangkong. Ang una ay kadalasang nabubuhay sa mga matutubig na lugar at may malapad na dahon.



Ang isa uri ng kangkong ay nabubuhay o itinanim sa lupa at ang mga dahon ay mahaba at makitid. Ang klase na ito ang iminumungkahi na itanim.

Pumili ng ng binhing angkop sa kondisyon ng lugar, may mataas na pangangailangan sa pamilihan at ay panlaban sa mga sakit at peste.



Ang kangkong (*Ipomea aquatica* Forsk.) ay kabilang sa mga dahong-gulay na mabilis tumubo. Ang dahon at tangkay nito ang maaaring kainin. Itinuturing ang kangkong na gulay ng mga mahihirap subalit lingid sa kaalaman ng marami mayaman ito sa bitamina C na nagsisilbing antioxidant sa katawan. Sagana rin ito sa potassium, calcium at iron. Ayon sa mga pag-aaral, ito ay maaaring gamot sa ulcer at nakakatulong upang labanan ang sakit na kanser. Ang kangkong na itinanim sa lupa ang nirerekomenda sapagkat ito ay malinis at ligtas kainin.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng dalawang beses at gumawa ng mga kamang taniman na 1 m ang lapad. Gumawa ng mga mababaw na linya/tudling pahalang sa kama na may pagitan na 10-15cm at lalim na 2.5 cm.



PAGTATANIM

Ibadad ang mga buto ng kangkong sa malinis na tubig sa loob ng 16 na oras. Itanim ang mga ito sa tudling na may pagitan na 5 cm. Pagkatapos ay takpan



PANGANGALAGA

Maglagay ng binulok na dumi ng hayop o kompost o vermicompost sa mga kamang taniman sa dami na 2 kg kada metro kuwadrado bago magtanim. Dagdagan ito habang lumalaki ang mga halaman kung kinakailangan. Maaaring mag-aplay ng manure tea o fermented plant juice (FPJ). Diligan ang mga halaman araw-araw o kung kinakailangan sapagkat nangangailangan ang kangkong ng maraming tubig.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bitatahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com

rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)



PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Hindi masyadong problema ang sakit at peste sa kangkong. Subalit karaniwang nakakaapekto dito ang mga maninira ng dahon gaya ng tipaklong, uod, at mealybug.

Maaari itong kontrolin gamit ang pagispray ng katas ng sili (100 g ng dinurog na sili sa 16 L ng tubig) para sa mga insekto.



Binigkis na kangkong



Mealybug



Tipaklong



PAG-AANI

Maaari ng anihin ang kangkong 20-40 na araw pagkatanim depende sa binhing ginamit. Gawin ito nang maaga o sa hapon upang maiwasan ang pagkalanta ng mga dahon. Bunutin ang buong halaman kasama ang ugat. Hugasan at ibigkis ang mga ito at ilagay sa malamig at may lilim na lugar. stong laki at haba.

MGA PINAGHALAWAN

[CABI] The Center for Biosciences and Agriculture International. 2015. Ipomea aquatica (swamp morning-glory). Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.cabi.org.

DOKA IG, EL TIGANI S, YAGI S. 2014. Nutritional Composition and antioxidant properties of Ipomea aquatica (Forsek) leaves. *Journal of Forest Products & Industries* 3(4): 204-210.

GOEBEL R, TAYLOR M, LYONS G. 2010. Kangkong. Leafy Green Vegetables in the Tropics Factsheet No. 6. Australian Centre for International Agricultural Research. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa aci.gov.au.

[PCAARRD] Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development. 2014. Organic Lettuce Production (Pulyeto). PCAARRD Information Bulletin No. 46.

[PCHRD] Philippine Council for Health Research and Development. Study reveals anti-ulcer power of Kangkong. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.pchrd.dost.gov.ph.

UMAR KJ, HASSAN LG, DANGOGGO SM, LADAN MJ. 2007. Nutritional composition of water spinach (*Ipomea aquatica* Forsk.) leaves. *Journal of Applied Sciences* 7 (6): 803-809.

Vegetables in a tropical country: Kangkong. The Utrecht Faculty of Education, Hogeschool Utrecht. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.philippines.hvu.nl.

2011. Leafy Vegetables. East-West Seed Philippines. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.eastwestseed.com/philippines.

2015. Kangkong Chinese Upland. RAMGO International Corporation. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.ramgoseeds.com.

MGA LARAWAN

www.wikipedia.org

www.mypurplestore.com

www.maluku.litbang.pertanian.go.id

<http://ononezz.blogspot.com>

<http://www.ent.uga.edu>

<http://www.sgvegetables.com>